Reykjavíkurborg

Reykjavík, Abril 24, 2020

**Maligayang panahon ng tag-init, mga magulang!**

**Detalye tungkol sa mga programa at kurso para sa kabataan ngayong panahon ng tag-init**
Ngayong summer, magkakaroon ng maraming pagpipilaang programa na masasaya at edukasyonal para sa mga bata at tinedyer sa Reykjavík. Matatagpuan ang impormasyon tungkol dito sa website ng aliwang-pambata www.fristund.is, hal. iba't-ibang gawain ng mga Sentro ng Aliwang Pambata o *frístundamiðstöð*, kurso sa paglalayag, summer camp, sports camp, kurso sa pangangabayo, at marami pang iba.

**Pagrehistro**
Ang pagrehistro sa mga programang pang-summer para sa anim hanggang siyam na taong gulang o *sumarfrístund*, espesyal na programang pang-summer para sa may kapansanan, kurso sa paglalayag sa Siglunes at kurso sa pag-aalaga ng hayop sa Reykjavík Zoo ay mag-uumpisa sa Martes, **Abril 28, 10am**. Ang pagrehistro sa mga *sumarsmiðja* o programang pang-summer para sa mga magtatapos ng ika-5 hanggang 7 baitang ay mag-uumpisa naman sa **Mayo 13, 10am**.

Ang pagrehistro sa programang pang-summer na pinamamahalaan ng Lungsod ng Reyjavík ay nasa website na http://sumar.fristund.is. Paalala lamang na ang pagrehistro ay nasa island.is at dito kailangan ang *Íslykill* o IceKey, o di kaya'y ang elektronikong ID sa telepono.

Ang pagrehistro sa programang pang-summer para sa anim hanggang siyam na taong gulang, espesyal na programa para sa may mga kapansanan, at sa kurso ng paglalayag ay kinakailangang gawin bago mag alas 12 tuwing Biyernes kung ang bata ay magsisimula sa programa sa kasunod na Lunes. Ang pagrehistro sa kurso sa pag-aalaga ng hayop ay kinakailangang gawin kapag Miyerkules bago ang linggo kung kailan mag-uumpisa ang bata sa programa. Ang mga magulang ay hinihikayat na i-rehistro ang kanilang mga anak sa tamang oras dahil madaling mapuno ang mga programa.

Para sa mga banyagang magulang na ang legal na tirahan ay nasa Reykjavík (kahit isa o dalawa sa kanila) at ang bata ay kakalipat lamang sa Iceland nang mas maikli sa dalawang taon, ay libre ang unang tatlong linggo ng programang pang-summer na sasalihan nito sa *sumarfrístund*, *sumarsmiðja*, o espesyal na programa para sa may kapansanan. Kailangang may nakasulat na kahilingan sa tamang *frístundamiðstöð*. Ang diskwentong ito ay hindi maaaring gamitin ng mga batang legal na naninirahan sa ibang bansa o sa mga pupunta lamang dito nang pansamantala para sa mga programang pang-summer.

Paalala lamang na ang magulang na hindi maaaring gumamit ng elektronikong pagpaparehistro ay maaaring sumangguni at humingi ng tulong sa pagpaparehistro sa mga *frístundamiðstöð ng lungsod* (dapat bago mag-tanghali). Hindi maaaring i-rehistro ang mga bata sa programang pang-summer ng Reykjavík sa pamamagitan ng pagtawag lamang, ngunit maaaring makakuha ng mga panuto kung tatawag sa Sentro ng Serbisyo sa Lungsod ng Reykjavík, 411-1111 kung ang magulang ay may koneksiyon sa kompyuter at internet.

Ang pagrehistro sa programang pang-summer sa labas ng Lungsod ng Reykjavík ay diretso mismo sa kani-kanilang organisasyon.

***Vinnuskólinn* (Trabahong pang-summer)**
Ang *Vinnuskóli* sa Lungsod ng Ryekjavík ay nag-aalok sa mga ika-8 hanggang 10 baitang ng trabahong pang-summer. Nagsimula na ang pagrehistro at ang lahat ng mga batang magpaparehistro ay mabibigyan ng trabaho. Kailangang i-rehistro ng magulang ang kanilang anak sa website ng *Vinnuskóli*, *http://vinnuskoli.is* at doon din makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa trabaho.

**Paalala sa mga magulang**
Dahil sa pandemiko ng COVID-19 ay maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa mga programang inaalok, alinsunod sa opisyal na rekomendasyon ng Departamento ng Proteksiyong Sibil at Punong Epidemiologist sa bawat pagkakataon. Kung magkakaroon man ng pagbabago ay bibigyan kaagad ng impormasyon ang mga magulang.

Umaasa sa masayang kolaborasyon,
Departamento ng Edukasyon at Kabataan
Sangay ng Isport at Programang Pang-Aliwan
Sangay ng Kapaligiran at Pagpaplanong Panglungsod ng Reykjavík